# Paano ako pipili ng antas ng plano?

**Isipin kung paano mo at ng iyong mga dependent gagamitin ang iyong insurance sa darating na taon.**

## Silver Gold

- May matagalang karamdaman tulad ng hika, diabetes, sakit sa coronary artery o kanser
- May nakatakdang operasyon
- Madalas bumisita sa mga espesyalista o sa iyong primary care physician
- Nagpaplanong magkaanak o may maliliit na anak
- Umiinom ng mamahaling brand o mga specialty na gamot
- Kwalipikado para sa Cascade Care Savings

## Bronze

- Malusog at kakaunti ang iniinom na mamahaling gamot
- Paminsan-minsan lang bumisita sa doktor
- Kayang pangasiwaan ang gastos ng isang mas mataas na deductible at maximum out-of-pocket expense kung sakaling ikaw o ang iyong pamilya ay mangailangan ng karagdagang pangangalaga
- Hindi kwalipikado para sa mga premium tax credit o mga cost-sharing reduction

Mahalaga: Saklaw ng LAHAT ng plano ng Washington Healthplanfinder ang parehong mahahalagang benepisyong pangkalusugan (essential health benefits).

Bagama't mahalaga ang mga gastos, tiyaking pipiliin mo ang coverage na akma sa iyong mga pangangailangan at nagbibigay sa iyo ng kapanatagan ng loob. Para sa impormasyon o para makakuha ng tulong sa pagpili ng plano, gamitin ang iyong telepono para i-scan ang QR code upang mahanap ang suporta sa inyong lugar.

**I-scan ang QR code**

## Bago para sa 2026 ★

Simula sa 2026, magkakaroon ang mga customer ng opsyon na piliin ang **mga planong Vital Gold**. Para sa karamihan ng mga customer, ang buwanang gastos ng mga planong Vital Gold ay mas malapit sa dati nilang binabayaran para sa mga planong Silver.

Maaaring hindi na Silver ang pinakamagandang planopara sa karamihan ng mga customer. Ang mga customer na may mas mataas na kita at hindi kwalipikado para sa federal savings ay hindi makakakita ng mga planong Silver kapag namimili.  Para sa karamihan ng mga tao, ang mga planong Gold ay magiging mas mura na ngayon at may mas mataas na halaga kaysa sa mga planong Silver.